SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 19, 2024, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
06 SEP 2024
Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 09062024
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 297-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 69-T2024 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 03-T2024 NG BARANGAY POBLACION II NA NAGTATAKDA NG MGA BAGONG SINGIL PARA SA MGA MAMAMAYAN NA KUKUHA NG BARANGAY CLEARANCE SA MGA BAHAY KALAKAL/ ESTABLISIMYENTO AT MGA KAURI NITO.**

**SAPAGKAT**, iniharap sa sangguniang ito ang kahilingan ng Barangay Poblacion II tungkol sa paksang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** nasasaad sa, "Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (RA7160), Seksyon 153 at Seksyon 391 (2) na ang Lokal na Pamahalaan ay maaaring magpataw at mangolekta ng gayong makatwirang butaw o singilin sa mga paglilingkod na ipinagkakaloob;

**SAPAGKAT,** sa pagtalakay ng mga kasapi ng lupon, ibinahagi ng Pamahalaang Barangay Poblacion II na hindi na angkop sa kasalukuyang panahon ang halaga ng singil/ butaw dahilan sa dumarami at lumalaking mga establisimyento at negosyo sa barangay;

**SAPAGKAT,** sa pagsasakatuparan ng mga singiling ito, ay kaakibat ang pagtaas ng pangunahing serbisyo at pangangailangan ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang hangarin ng Sangguniang Barangay ay ipinaabot at sinang-ayunan ng mga mamamayan sa isinagawang public hearing para rito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan ng mga Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sanggunian Bayan na ngayon ay kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 69-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 03-T2024 ng Barangay Poblacion II na nagtatakda ng mga bagong singil para sa mga mamamayan na kukuha ng Barangay Clearance sa mga bahay kalakal/ establisimyento at mga kauri nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, DILG, Sangguniang Barangay ng Poblacion II, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 19, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

8/27/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

082024387